

Para sa leader: Ang layunin ng bagong seryeng *Prayer Rocks the World* ay mahikayat ang mga mananampalataya na pahalagahan ang pananalangin sa kanilang personal na buhay at sa pakikibahagi sa mga gawain ng ating iglesia. Makikita natin sa mga araling ito ang laki ng magagawa ng panalangin upang magkaroon ng mga pagbabago sa ating buhay, sa pamilya, sa iglesia, sa lipunan, at sa buong mundo. Napakalaki ng pribilehiyo na inilagay ng Diyos sa ating mga kamay, samantalahin natin ito. Binigyan niya tayo ng kapangyarihang abutin ang kanyang trono upang kanyang ibuhos ang biyaya ng langit sa ating mga buhay. Ikaw na leader ng Kaagapay ay may malaking tungkuling akayin ang iyong mga miyembro sa masidhi at taimtim na pananalangin.

Panimula (5 mins)

1. Kapag may isang bagay na ipinagawa sa iyo at hindi mo ito nagawa, ano ang nararamdaman mo?

Tulay sa Pagsasaliksik: Gayundin sa ipinapagawa sa atin ng Diyos. Kung hindi natin ito nagagawa at alam nating ipinagkatiwala sa atin ng Diyos, nararamdaman natin ang *frustration*. Mabigat man ang tungkuling iniatang sa ating balikat, ito ay panawagan sa atin na manangan hindi sa sariling lakas kundi sa magagawa ng Diyos. Ito ay panawagan upang manalangin.

Pagsasaliksik (25-30 mins)

2. Ano ang misyon na iniwan ni Cristo sa kanyang mga tagasunod (Gawa 1:8 at Mateo 28:19-20)? Sa Gawa 1:8, ano ang makikita nating koneksyon ng pananalangin sa pagsasagawa ng misyong ito?

3. Ano ang ginagawa ng mga alagad sa 1:14? Ano sa tingin mo ang kaugnayan nito sa pangako ni Jesus na pagdating ng Banal na Espiritu? Tingnan din ang 2:1-4 at 4:31.

4. Sa 2:42-47, ano ang makikita nating ginawa ng Diyos (v. 47) bilang tugon sa pananatili ng mga alagad sa pananalangin (v. 42)? Ano ang implikasyon nito sa mga dapat nating ipanalangin sa Diyos?

5. Sa 9:40-42 at 12:5, 12, 24, ano ang makikita nating tugon ng Diyos sa panalangin? Ano ang implikasyon nito sa mga klase ng kahilingang idudulog natin sa Diyos?

6. Sa 6:6, 13:3, 14:23, at 20:36, ano ang nakita nating ginagawa para sa mga tagapanguna (apostol, diakono, pastor, misyonero) ng unang iglesia? Ano sa tingin mo ang kaugnayan ng pananalangin sa mga lider at ng pagtupad ng misyon ng iglesia? Isa kayang dahilan ng di pagiging epektibo ng mga lider ang kakulangan ng mga taong nananalangin para sa kanila?

7. Sa 11:5, 22:17-18, at 13:2, ano ang nasumpungan nating ginagawa nina Pedro o Pablo o ng unang iglesia bago nila matanggap ang pangitain o marinig ang pangungusap ng Diyos? Isa kayang dahilan kung bakit hindi nagiging malinaw sa atin ang nais ng Diyos ipagawa sa atin ay dahil sa kakulangan natin sa pananalangin?

Pagsasabuhay (10 mins)

8. Ano ang itatalaga mong gawin upang maging kabahagi ng pananalangin sa ikatutupad ng misyon na ibinigay ng Diyos sa iglesia?

9. Gamitin ang bahaging ito sa mas mahabang panahon ng pananalangin. Ipanalangin na:

- a. Mapuspos ng Espiritu Santo at maranasan ang kapangyarihan niya sa ating mga buhay at sa ating iglesia.
- b. Makakilala kay Cristo ang iyong kaibigan o kamag-anak (banggitin ang pangalan).
- c. Magpakita ang Diyos ng mga himala sa ating buhay, relasyon sa iba, at buhay ng ibang tao.
- d. Maging maka-Diyos, matuwid, at epektibo ang mga lider ng church (banggitin ang mga pangalan).
- e. Maging malinaw ang nais ipagawa ng Diyos sa iyo upang maging kabahagi ka sa misyon ng church.